# Ginagawa Mo ba ang Kalooban ng Diyos Yugto 8

"1 Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag: 2Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagiisip; 3Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan. 4 At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian. 5 Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo'y maglingkuran: sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan; 7 Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya. 8 Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya: 9 Na siya'y labanan ninyong matatag sa inyong pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang mga gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan. 10 At ang Dios ng buong biyaya na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sangdaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal, magpapatibay, at magpapalakas sa inyo. 11 Sumasakaniya nawa ang paghahari magpakailan man. Siya nawa.12 Sa pamamagitan ni Silvano, na tapat nating kapatid, ayon sa aking palagay sa kaniya, ay sinulatan ko kayo ng maiksi, na aking iniaaral at sinasaksihan na ito ang tunay na biyaya ng Dios: magsitibay kayo dito. 13 Binabati kayo ng nasa Babilonia, na kasamang hinirang; at ni Marcos na aking anak. 14 Mangagbatian kayo ng halik ng pagibig. Kapayapaan nawa ang sumainyong lahat na na kay Cristo." (1 Pedro 5:1-14)

"1Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag:" (1 Pedro 5:1) Si Apostol Pedro dito ay nagsalita at itinataas ang mga matatanda ng simbahan ar binigyan sila ng tagubilin at sinasabi sa kanila na siya ay matanda din at kailangan nilang makinig sa kanya. Sinasabi ni Pedro sa kanila na siya ay naging saksi kay Cristo at sa Kanyang pagdurusa, at sinasabi niya sa kanila ng hindi tuwiran at sinasabi sa atin ngayon na sa pagiging mga matatnda ay maari tayong dumaan sa pagdurusa na ipinapahintulot ng Diyos at kailangan nating tiisin ito. Ngunit kung tayo'y nagdaraan sa mga padurusa at tinitiis ito, matatangap din natin ang kaluwalhatian at tayo'y magiging kabahagi ng kaluwalhatian na kasama sa pagbabalik ni Cristo. Kaya't ang pagdurusa ngayon ay maging karapat dapat sa atin para makatanggap ng kaluwalhatian kapag si Cristo ay bumalik. Sa gayon ngayon bilang mga matatanda at may pananagutan sa harapan ng Diyos, kailangan nating batahin ang ating mga pananagutan at batahin ang mga pagtanggi, pagsalungat, paghihimagsik, pagdurusa, at lahat ng darating, upang kapag si Cristo ay dumating tayo ay magiging kabahagi ng Kanyang kaluwalhatian.

"2 Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pagiisip;" (1 Pedro 5:2)

Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, Ngayon ang mga matatanda ang kanilang responsibilidad ay upang pakainin ang kawan ng Diyos. Hindi upang ipagluto o bigyan ng pagkain, kundi para bigyan ng Salita ng Diyos at utusan ang mga tao sa Banal na Kasulatan. Kaya, kailangan mong magbasa ng Bibliya araw araw upang ang iyong sarili ay mapakain ng Salita ng Diyos. Ilan sa mga tao sasabihin nila kamiy mga matatanda kaysa sa iyong edad, kaya naman sinabi ni Pedro sa kanila, "akong matandang kasamahan ninyo", ibig sabihin hindi ito tungkol sa edad at sa puting buhok kundi tungkol sa responsibilidad at ginagawa. Ngayon ilan sa mga umaangkin na maging matatanda sila'y hindi man lamang nagbabasa ng Bibliya, pagkatapos paano nila papakain ang iba? Kaya, pakainin ang iyong sarili at pakainin ang kawan na kasamahan mo, hindi mo kailangang pumunta sa malayo , ang mga tao lamang na nasa palibot mo, sila'y maaring maging iyong pamilya, maaring maging iyong kaibigan, ang iyong kapit bahay, o ang iyong katrabaho, na kailangan mong turuan at paalalahanan.

Na magsigamit kayo ng pagpupuno: Ang pananagutan ng mga matatanda na may kakayahan na makita lampas sa nakababata, ay upang babalaan ang nakababata at ituwid sila. Sa gayon ang kongregasyong mayroong mga matatanda na nakakakita ng malayo kaysa sa mga nakababata at kailangan nilang babalaan sila at sabihin sa kanila kung ano ang kailangan nilang gawin. Kailangan nilang turuan sila ng may katuruan na tutulong sa kanila na lumago at harapin ang buhay at mga pagsubok at magawa nilang gawin ang sinasabi ng Diyos sa kanila upang gawin. Ngayon may mga tinuruan tayo at sinanay; sila'y naunang umalis at inaangkin na maging matatanda at isinama ang mga tao palayo sa simbahan at malayo sa pagpupuno. Sinisira nila ang mga tao, hindi nila kayang pakainin sila, ang kanilang sarili sila'y mga gutom, at hindi nila kayang makita ng mas malayo, sa gayon paano nila papangunahan ang mga tao na kanilang hinila palabas?

Sa simbahan, si Cristo ang una sa pagiging pangulo, pagkatapos ang mga apostol, pagkatapos ang mga matatanda, pagkatapos ang mga nakababata; kaya sa simbahan mayroong mga antas na makikilala sa Bibiliya at kailangan nating kilalanin at panatilihin. Kaya naman makikita mo ang maraming mga simbahan ay wala pa sa panahon, wala pa sa hustp, kawalan ng maraming mga katuruan, sapagkat pinutol nila ang kanilang mga sarili mula sa matatanda. Aking mabibilang ang malaking bilang ng kongregasyon na ating itinanim at ang kanilang mga pinuno, kinuha lamang nila ang mga kasamaan nila at umalis. Ngayon ang tanong, ano ang sakuna ng mga tupa na inilagay sa gayong mga pinuno? Ang kasagutan ay ito: Walang bagong katuruan, kundi kalituhan, walang pananaw at walang maliwanag na kaunawaan, at walang pagpupuno. Aking ipapadala ang mensaheng ito sa kanila na maaring magsisi at mapagtanto ang kanilang kasalanan at kung ano ang nagawa nilang mali. Bakit nagawa nila ang ganoon? Kayabangan, pagmamalaki, kawalan ng kababaang loob, kawalan ng kakayahang magturo, kasigasigan ng walang kaalaman, atbp.

Sa pagsasabi tungkol sa pagpupuno bilang simbahan at matatanda ng simbahan tayo ay pinangunahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang ipahayag ang tiyak na mga katuruan at gawin ang tiyak na mga desisyon na nagpatunay upang kapakinabangan sa mga pangyayari na ipinahintulot na mangyari ng Diyos pagkatapos ng pagpapahayag ng pagtuturo at pagkatapos nating gumawa ng ilang mga desisyon.

Bibigyan ko kayo ng halimbawa niyon. Ito din ay isang patotoo. Sa taong lumipas tayo'y nagkaroon ng aput na pung araw ng pananalangin at pagaayuno, at sa panahong iyon ay napilitan akong magpatuloy sa pag-aayuno. Tayo ay nagkakaroon ng pakikibaka sa ating paaralan ng simbahan, nauukol sa mga magulang at sa saklaw na paaralan. Ako'y pinangunahan ng Panginoon sa bagong paaralan. Pagkatapos kong gumawa ng desisyon hindi ko ipinahayag dahil ang kinalabasan ay hindi pa malinaw at inilagay ko ang aking desisyon sa ilalim ng pagsubok at upang suriin ang paaralan at makita ang kinalabasan. Ang bagong paaralan ay maraming potensyal para tumulong sa mga tao ng may mababang kita at lubos na umaangkop para matulungan ang mga may espesyal na pangangailangan, mga bata na may kakaunting katalinuhan, at sa pamamagitan ng paaralang iyon matutulungan natin ang ating mga kapisanan at mga inaabot sa ibang mga bansa, kaya may magandang angulo dito. Datapuwa't ang mga bagay na nagawa kong kuhanin sa bagong paaralan na ito at subukan ito ay sa pagaayuno na ginawa natin sa pagtugon sa suliranin sa pagharap sa pamilya sa ating paaralan sa simbahan. Hindi ko ipinahayag sapagka't ayaw kong ilabas ang impormasyon lalo na ako'y nagduda sa ilang mga tao, sila ba ay pumupunta para sa Diyos o para sa kapakanan ng paaralan? Sa huli ilan sa kanila ay nalaman na aking binago ang paaralan, sila'y nagsalita dahil ang kanilang mga mata ay nakatuon sa paaralan at hindi sa paaralan ng Diyos at sila'y nagsalita habang ako ay nasa ilalim pa rin ng panahon ng pagsusuri sa bagong paaralan. Ito ay nasa ilalim ng panahon ng pagsubok. Kaya wala akong masyadong magawa sa kanila, sila'y nagkaroong ng direktang pakikipag-ugnayan sa lumang paaralan at sila'y umalis sa simbahan, at ito'y naging malinaw kung ano ang kanilang pokus, siguradong hindi kay Jesus kundi sa mga kaloob na ibinigay ni Jesus sa simbahan. Tiyak nang sila ay umalis sa simbahan hinila nila ang iba, parehong patakaran ng diablo, hindi siya pupunta sa impierno ng magisa kundi hihilahin niya ang iba. Pagkatapos nilang umalis, ang COVID 19 pandemya ay dumating, at ito'y naging mahirap upang mag-angkat ng mga aklat mula sa labas, at mas mahal ang pagpapadala. Binigyang daan ng Panginoon tayo na gumawa ng soft na mga kopya para sa ating mga aklat ng simbahan. Sa wakas pinatunayan ng Diyos na ang bagong paaralan ay kayang gawin ang lahat ng pagpapatunay na kinakailangan upang makilala ang kanilang Diploma International, at sa abot kayang halaga para bagong paaralang ito, kahit ang mga pamilya sa mahihirap na bansa na may mababang kita ay makakaya nilang bayaran na mai pagpatala ang kanilang mga anak sa ating paaralan.

Tayo ay tinagubilinan ng Banal na Espiritu na burahin ang nilalaman ng mga lumang aklat at linisin ang mga ito upang gamiting muli ang mga ito para sa bagong mga mag-aaral at iyon ay magandang paraan para sa pagiipon ng salapi at mga pinagkukunan. Nang ang COVID 19 pandemya ay dumating, ng may kahirapan sa pagpapadala tayo ay walang naging suliranin sapagka't tayo ay mayroong sarili mga konya.

Tayo ay tinagubilinan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang scan ang mga aklat dalawang taon bago ang COVID 19 pandemya, at ngayon tayo ay mayroong soft na mga sipi na maari nating ibigay sa mga magulang para sa kanilang mga anak upang gamitin para sa pag-aaral ng hindi kailangan ang internet . Ang internet ay hindi lamang mapanganib para sa mga bata, kundi ito ay magastos para sa mga magulang . Sa bagong itinayo na mayroon tayo sa ating Paaralan, tayo ang may pinakamababang bayarin sa paaralan. Ang paaralan ay para sa lahat na dadalhin ng Diyos; libre nating natanggap, libre nating ibibigay.

Ngayon dito sa pagsasalita tungkol sa magsigamit kayo ng pagpupuno: Ay ang pangunguna ng Banal na Espiritu sa simbahan, * Hindi mo mawawari ang pagiging matanda ng walang pagkakaroon ng kaloob ng pagpapagamit ng pagpupuno. Na magsigamit kayo ng pagpupuno ay sinasamahan ng pagtatalaga at ng kahandaan at dedikasyon na gawin ang gawain, ng may malinis at dalisay na motibo at kagustuhang magdusa para kay Cristo.

Ang iba pang halimbawa ay pagtuturo tungkol sa pagtatanim, ito ay nagsimula sa paglilitis ng aking asawa na magtanim at sa atin ay anumang pagkakataon upang magtanim. Siya ay nagsimula sa mahabang panahon na ang lumipas na magtanim sa isang maliit na lugar sa labas ng aming bakuran, pagkatapos mayroong isang lupain katabi ng bahay na sinusubakan niya ng pauli ulit na magtanim ng mais, ngunit ito ay hindi naging matagumpay. Sa aking panaginip nakita ko na ako'y nangunguha ng mga barya ng isang Dirhamo mula sa lupa, at aking dalawang kamay ay puno, at ang mga barya na aking pinupulot mula sa lupa, at ito'y walang katapusan. Ang mga tao ay nagdaraan na nakakita sa akin ngunit wala ni isa pumunta upang pumulot kasama ko, na parang hindi nakikita ang mga barya na aking pinupulot. Ang panaginip ay naulit ng maraming beses, ngunit kahit ako ay hindi ko alam kung paano ito magkakatotoo. Sa parehong lupa na nasa palibot sa bahay si Isaac at si Violy ay natagpuan ang isang sako ng puno ng mga barya ng mga salapi ng maraming bansa, ibinigay namin ang malaking nakilalang mga piraso sa simbahan. Sa parehong lupain na ang aking asawa ay nanguna sa pagtatanim at nanagana sa pag-aani ng mga gulay at kami'y tinuruan ng Diyos kung paano magtanim at nagbigay ang Diyos ng mga detalye tungkol sa pagtatanim. Tinuruan namin at inudyukan ang ibang mga disipolo at mga manggagawa na gawin ang pareho, isinulat ko ang aming ginawa sa isa sa aking mga aklat, ang patatanim ay disiplina, pagsasagawa, pangangasiwa, estilo ng pamumuhay, at paraan ng pamumuhay ng isang Kristiyano. Sa pagdating ng COVID 19 at ng quarantine ito ay naging isang kapaki-pakinabang na kailangan na ang pagtatanim ay makakatulong ng malaki upang tugunan ang mga pangangailangan.

Ang iba pang halimbawa at ang Audio na mensahe na aking itinatala, sinimulan kong gawin iyon taon na nakalipas nang ipinahintulot ng Diyos na bumili ako ng bagong mobile at ako'y nagsimulang mag-record at ipinadala sa social media, pagpapadala ng mensahe, sa mga grupo ng may mga kasapi sa iba't ibang lugar at sa labas na ating inaabot at sa mga tao tayo'y nakikipag-ugnayan. Nang ang COVID 19 ay dumating at ang pagtitipon ay ipinagbawal tayo ay handa, ipinagpatuloy lamang natin na gawin ang ating ginagawa.

Ang ating pananagutan para pakainin at magkaroon ng pangangsiwa sa mga taong nasa atin, kailangan nating panatilihin sa sumusunod na paraan:

Na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, Dapat nating gawin ito hindi dahil tayo ay pinilit o may ibang nagtutulak sa atin o ginagawa lamang natin ito upang paluguran ang iba na nakatataas sa atin o dahil tayo ay natatakot, ngunit kailangang gawin natin ito ng may kagustuhan at ng may kagalakan. Minsan tayo ay nasasaktan dahil sa paglilingkod, ngunit nais pa rin ng Diyos na maging handang gawin ang ating mga takdang aralin at sa isang maayos na paraan.

Ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, Hindi natin ginagawa its dahil may inaasahang tayong salapi na kapalit. Marami hinila nila ang mga tao upang sila'y makatanggap ng salapi buhat sa mga tao at hindi nila ito ibinibigay sa simbahan. Mabuting bilang ng ating mga tinuruan at sinanay sila'y humingi ng salapi at parang sila'y inupahan at nang itinanggi nila ito sila'y umupo at hindi ibinigay ang kanilang paglilingkod. Kanilang sasabihin hindi pa sila inuupahan. Hindi tayo naglilingkod para sa salapi o naglilingkod na aasahan na tayo ay babayaran.

kundi sa handang pagiisip: Kailangan nating maging handang maglingkod at tulungan ang mga tao at pakainin sila ng Salita ng Diyos sapagkat iyon ang ating kagalakan at desisyon upang maglingkod sa Diyos at maging tapat sa Kanya at para sa kaligtasan at sa buhay na walang hanggan na tinanggap natin buhat sa Kanya.

"3 Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan." (1 Pedro 5:3)

Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, Ang paraan ng pangunguna ay hindi para maghangad ng posisyon at kasakiman para pilitin ang mga tao o gamitin ang mga tao para pagsamantalahan sila. Mayroong mabubuting bilang ng mga namumuno na humila sa mga tao palabas kasama nila sapagka't gusto nilang gamitin ang mga tao at wala silang interes para sundin ang simulain ng Salita ng Diyos. Wala silang malasakit sa buhay ng mga tao at anumang kasalanan na kanilang ginagawa hangga't ginagamit nila sila at nakakatanggap ng serbisyo at pakinabang sa kanila. Tinawag ni Pedro ang mga tao dito bilang "Itinagubilin ng Diyos' ibig sabihin ang simbahan ay kabilang sa Diyos at hindi dapat nating manipulahin ang simbahan at ang mga tao para makapagsamantala sa kanila. Ang simbahan ay hindi kompanya, o ahensya ng serbisyong panlipunan, o institusyon ng kawanggawa kundi katawan ni Cristo, na dapat walang katiwalian, walang katarungan, at pagmamanipula.

kundi kayo'y maging mga uliran ng kawan. tayo'y nangunguna sa halimbawa ng kagustuhang magdusa, kagustuhang mapahiya, at gayon pa man ay patuloy na gawin kung ano ang tama at kalugod lugod sa Diyos. * Patuloy nating itutuwid ang mga bagay na alam natin na mali sa atin. * Anuman ang ipinapahayag sa iyo ng Diyos sa iyong kamalian kailangan mong itama. * Ang mabuting halimbawa din ay darating kapag tayo ay may labis ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili, pagiging bukas-palad, pananampalataya, katapatan; lahat ng ito'y sumasalamin sa katangian ni Jesus sa ating buhay para sa iba.

"4 At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian." (1 Pedro 5:4) Ang kababaang loob ng matatanda na handang magpatuloy na magpakasakit alang alang lamang sa mensahe ng Diyos para dumaloy sa mga nakababata at sa susunod na saling lahi, sila'y gagantimpalaan ng Panginoon. May putong ng kaluwalhatian na ipuputong sa pamamagitan ng Hari ng mga hari, ang Panginoong JesuCristo; ang putong na iyon ay hindi kumukupas, iyon ay igagawad sa mga handang nagtiis sa tindi ng pagsalungat ng mga nakababata at nagtiyaga at nagpatuloy na mangalaga kahit sa susunod na saling lahi. Ang pagpapagal at sakit na ating pinagdaraanan ay mataas at mahirap at napakasakit, ngunit ang kaluwalhatian na ating matatanggap kapag si Jesus ay dumating ay hindi kukupas.

Sa aking Mahal at Minamahal:
• Ating ipakumbaba ang ating sarili sa harapan ng Diyos
• Simulan nating matakot sa Kanya at lumakad sa Kanyang mga lakad.
• Bilang mga matatanda patuloy nating pakainin ang mga kawan at pamunuan para gabayan sila sa natatanggap natin mula sa Panginoon.
• Bilang matatanda huwag tayong panghinaan ng loob at matakot kapag tayo ay sinasalungat, tinatanggihan o inuusig.
• Gawin nating maayos ang ating bahagi ng may karangalan sa ating natatanggap mula sa Diyos pinahahalagahan ang ating kaligtasan at lahat ng ating natanggap mula sa Panginoon. Sa gayon gawin natin ang ating bahagi patungo sa Kanya at patungo sa Kanyang simbahan, nalalalaman na si Jesus ay gagantimpalaan tayo ng sagana kapag siya ay bumalik.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos, ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita na kailangan kong magpakumbaba sa iyong harapan at sa iyong kalooban.

Panginoon ako'y nagsisi sa sumusunod na mga kasalanan: Panginoon aking tinatalikuran ang pagmamataas, kayabangan , kawalan ng kababaang loob, galit, pagdududa, pagkadismaya, walang kapatawaran at madaling sumuko.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili sa mga simulain na aking natanggap mula sa iyong Salita.

Sa pagiging matanda aking ipinapangako ang aking sarili na pakainin ang kawan at pamunuan, upang protektahan ang mga tao, at turuan sila at sanayin sila upang harapin nila ang buhay at harapin nila ang hinaharap na mga pangyayari.

Panginoon bigyan mo pa ako ng higit na bunga ng Banal na Espiritu na magkaroon ng katangian ni Jesus sa aking buhay. Panginoon gamitin mo ang aking buhay na maging mabuting halimbawa sa iba upang makilala ka at sumunod sa iyo sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu upang pumunta, mangaral ng iyong Salita at upang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at idisipolo sila.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinanagako ang kanilang sarili sa simulain ng iyong mensaheng ito at ipinakumbaba ang kanilang sarili sa harapan mo na sumunod at isagawa ang iyong Salita sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain mo sila, bigyan mo sila ng higit ng iyong biyaya. Panginoon bigyan mo sila ng pakilala upang makita ang gawa ng kaaway at tanggihan ito. Panginoon tustusan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan upang sila'y patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon higit sa lahat bigyan sila ng karunungan at kaalaman upang pamahalaan ang mga usapin sa kanilang buhay ng naaayon sa iyong kalooban. Panginoon dagdagan mo ang kanilang pananampalataya at pagtitiwala sa iyo at tulungan silang magpatuloy at malampasan ang mga balakid na nasa unahan nila. Panginoon makipaglaban ka sa kanilang ngalan at huwag hayaang ang kanilang kaaway ay hadlangan sila mula sa pagsulong.

Panginoon ako'y nanalangin na manguna ka sa amin bilang isang simbahan at pangunahan kami sa mga lansangan, gusali, lungsod, nayon, para abutin ang mga tao at dalhin si Jesus sa kanilang buhay. Panginoon tulungan kami na ang halimbawa ng aming buhay ay maging kaakit akit sa iba upang makilala ka at sumunod sa iyo. Panginoon puspoin mo muli kami ng iyong Banal na Espiritu upang kami'y makapunta at magebanghelyo at gumawa ng mga disipolo at buuin ang gawain na iyong itinalaga sa amin. Panginoon tulungan kami makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com